# *Ang Mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 7*
# *Ang Epekto ng Simbahan sa Pamliya*

***"11 At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at mga guro; 12 Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo: 13 Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo:" (Epeso 4:11-13 KJV)***

Si Cristo ang pinuno ng simbahan at siya ang humirang ng mga pinuno upang mamuno, gumabay, magturo at pamahalaan ang Kanyang bayan, upang ang simbahan ng Dios ay ganap na maitatag, sa pagkamit ng buong sukatan ng pananampalataya upang maging katulad ni Cristo sa tunay ng katuwiran at kabanalan. Ang namumuno ng simbahan ay inaatasang mamahala, na manguna, at turuan ang simbahan para sa makaDios na gawain at paglilingkod. Bawat pamilya na kabilang sa isang nangangalagang simbahan ay tatanggap ng Biblikal na mga payo, pagsasanay, at direksyon sa paggawa ng tamang desisyon para sa pamilya, lalo na sa panahon ng krisis.

Pagkatapos ng pagkamatay ni Joshue wala ni isang inatasan upang punan ang kanyang tungkulin bilang isang pinuno sa lahat ng bayan ng Dios, sapagkat pagkatapos ng salinlahi ni Josue, ang kasunod na salinlahi ay lumaking hindi nakakakilala sa Panginoong Dios ng kanilang mga magulang na naglabas sa kanila sa Egipto. Ang mga Israelita ay gumawa ng kasamaan sa paningin ng Panginoon at naglingkod sa ibang mga dios. Kaya't ang Dios ay nagalit at hinayaan silang masakop ng kanilang mga kaaway. Nang sila'y nasa malaking kadalamhatian, ang Panginoon ay nagtatag ng mga hukom para sa isang panahon upang iligtas lamang sila sa kamay ng mananakop. Gayon ma'y hindi sila nakinig sa kanilang mga hukom bagkus ipinatutot nila ang kanilang mga sarili sa ibang mga dios sapagkat walang tunay at palagiang pinuno ng Israel upang pamahalaan at tingnan ang sistema at kaayusan ng buong pamayanan. Ang mga tao ay madaling lumihis palayo mula sa pananaw at mga tagubilin ng Panginoon. Pakikipagkompromiso sa mga tao sa lupaing puno ng pamayanan ng mga Israelita at napakaraming masasakit at pagdadalamhating pangyayari na nangyari sa buhay ng bayan ng Dios.

***"25 Nang mga araw na yao'y walang hari sa Israel: ginagawa ng bawa't isa ang matuwid sa kaniyang sariling paningin." (Mga Hukom 21:25 KJV)*** Sila'y madaling tumalikod mula sa landas ng kanilang mga magulang, na naging masunurin sa utos ng Panginoon. Ang bawat isa ay ginagawa ang inaakala nilang mabuti at tama ngunit hindi sumasangayon sa mga kautusan ng Dios. Kapag walang malakas at matatag na pinuno o pamahalaang sentral upang pamahalaan ang bayan ng Dios o ng simbahan, bawat isa'y malayang gawin kung ano ang kanyang naising mabuti na malamang ay magbunga ng kahirapan, mga kaguluhan, at dagdag ng pagkabalisa. Bawat pamilya sa simbahan ay may karapatan para sa mga utos at malinaw na direksyon upang kanilang makayanan na sundin ang tamang hakbang upang tiyakin ang kinabukasan na inihanda ng Dios para sa Kanyang mga anak.

Ang mga pangyayari sa aklat ng Ruth ay nangyari sa panahon ng mga Hukom. Tiyak ang pamilyang kasangkot ay hindi nakatanggap ng anumang pakikialam mula sa isang maka-Dios at matatag na pinuno sapagkat ang salaysay ay nangyari sa panahon ng mga Hukom: ***"1 At nangyari nang mga kaarawan nang humatol ang mga hukom, na nagkagutom sa lupain. At isang lalaking taga Bethlehem-juda ay yumaong nakipamayan sa lupain ng Moab, siya, at ang kaniyang asawa, at ang kaniyang dalawang anak na lalake. 2 At ang pangalan ng lalake ay Elimelech, at ang pangalan ng kaniyang asawa ay Noemi, at ang pangalan ng kaniyang dalawang anak ay Mahalon at Chelion, mga Ephrateo na taga Bethlehem-juda. At sila'y naparoon sa lupain ng Moab, at nanirahan doon." (Ruth 1:1-2 KJV)*** Mayroong taggutom sa lupain at ang pamilyang ito ay mula sa bayan ng Betlehem na nagpasyang umalis at pumunta sa Moab naghahanap ng isang maayos na pamumuhay at panustos. Ito ang makatwirang pag-iisip ni Elimelech upang isalba ang kanyang pamilya mula sa kagutuman sa pagalis mula sa lugar na yaon. Ngunit walang nabanggit na ang Dios ay itinuon sila na pumunta at manirahan sa Moab para sa ilang sandali. At walang nabanggit na ang isang tao mula sa bayan ng Dios ay binigyan sila ng payo na gawin ang ganoong desisyon. Ginawa nila ang kanilang kagustuhan nang hindi sumasangguni sa Dios. Ginawa nila ang inaakala nilang pinakamabuti sapagkat walang isang responsableng tao o isang sistema na maari nilang hinggan ng tulong o tanungin para sa tama at maka-Dios na payo. Ngunit ano ang kinahantungan ng desisyong iyon? ***"3 At si Elimelech na asawa ni Noemi ay namatay: at siya'y naiwan at ang kaniyang dalawang anak. 4 At sila'y nagsipagasawa sa mga babae sa Moab; ang pangalan ng isa'y Orpha, at ang pangalan ng isa'y Ruth: at sila'y tumahan doon na may sangpung taon. 5 At namatay kapuwa si Mahalon at si Chelion; at ang babae ay naiwan ng kaniyang dalawang anak at ng kaniyang asawa." (Ruth 1:3-5 KJV)*** Kaya't si Elimelech ay tumakas mula sa kagutoman ngunit siya'y nagtapos sa kamatayan. At kung tungkol sa dalawang anak na lalaki, ginawa rin nila ang inaakala nilang pinakamabuti para sa kanila. Sa pagiging malayo mula sa bayan ng Dios, ito'y nagbigay daan muli sa iba pang maling desisyon, na hinayaan ang mga anak na

lalaki na mag-asawa sa hindi mananampalatayang babae. Karaniwan ang kasalanan ay nagdudulot ng kasalanan, nangangahulugan ang maling desisyon ay hahantong muli sa maling desisyon para sa pagsisikap na gawing tama ang mga bagay. Ngunit isa pang sakuna para sa pamilyang ito ay ang pagkamatay ng dalawang anak. Kaya malinaw ang desisyong umalis mula sa Betlehem upang hanapin ang panandaliang kaluwagan ay hindi kalooban ng Dios, sapagka't ito'y hahantong sa isang higit na nakakapinsalang sitwasyon. Pagkamit sa panandaliang lunas sa isang suliranin ay maaring gumana minsan ngunit kung bumalik ang problema at magdulot ng mas maraming kaguluhan bilang bunga ng maling desisyon, kailangan nang agad na bumalik sa Dios at hanapin ang Kanyang mukha.

Sa huli, si Noemi ay nagpasyang bumalik sa Betlehem. ***"6 Nang magkagayo'y bumangon siya na kasama ng kaniyang dalawang manugang upang siya'y bumalik mula sa lupain ng Moab: sapagka't kaniyang nabalitaan sa lupain ng Moab kung paanong dinalaw ng PANGINOON ang kaniyang bayan sa pagbibigay sa kanila ng tinapay." (Ruth 1:6 KJV)*** Pagkatapos ng lahat, si Ruth lamang ang bumalik kasama ng kanyang biyenang babae sa panahon ng pagaani. Si Noemi ay nagsisi, ipinakumbaba ang kanyang sarili, at muling tinanggap ang mga daan at plano ng Dios. ***"20 At sinabi niya sa kanila, Huwag na ninyo akong tawaging Noemi, tawagin ninyo akong Mara: sapagka't ginawan ako ng kapaitpaitan ng Makapangyarihan sa lahat. 21 Ako'y umalis na puno, at ako'y iniuwi ng PANGINOON na walang dala. Bakit ninyo ako tinatawag na Noemi, yamang ang PANGINOON ay nagpatotoo laban sa akin, at dinalamhati ako ng Makapangyarihan sa lahat?" (Ruth 1:20-21)*** Tunay na pinagtibay ng Dios ng Kanyang kalooban na sa pamilyang ito ni Elimelech ay kumakatawan ngayon kay Noemi at Ruth na nangangailangan bumalik kung saan sila nabibilang upang tuparin ang mabuting plano ng Dios sa kanila. Kalaunan si Ruth ay naging asawa si Boaz, ang kamag-anak na tagatubos ng pamilya. Kaya't ang angkan ng pamliya ay nanumbalik at ang plano ng Dios ay natupad. Binigyan sila ng Dios ng isang anak na lalaki at pinangalanan bilang Obed, ***"22 At naging anak ni Obed si Isai, at naging anak ni Isai si David." (Ruth 4:22 KJV)***

Sa pagbabalik sa pangyayari noong panahon ng taggutom sa lupain, ang tamang bagay na dapat ginawa ng pamilya ni Elimelech ay nanatili sa Betlehem, sa bahay ng tinapay; na maghintay sa Dios upang paginhawain sila mula sa taggutom at huwag maakit na umalis at maghanap ng kaluwagan sa Moab, isang lugar na hindi itinalaga para sa kanila na manirahan. Ngunit ang pamilyang ito'y hinarap ang kanilang suliranin na nag-iisa at hindi talaga nila alam kung sino ang Dios at kung paano hanapin ang Kanyang kalooban. Ang kakulangan ng sentral na pamumuno at konseho ng mga pari at mga hukom sa pamayanan ng bayan ng Dios sa panahong yaon ay nakaapekto sa paggawa ng desisyon at sa buhay ng pamilyang ito. Katulad, kung ang simbahan at ang namumuno ng simbahan ay hindi gagawin ang kanyang tungkulinn upang ituwid ang bawat isang pamilya sa kung anong gagawin at kung paano mabuhay sa kalooban ng Dios, sa gayo'y ang maling desisyon o maling hakbangin ay magaganap. Ngunit kung ang mga pamilya'y naghahanap mg maka-Dios na payo mula sa ating mga namumuno ng simbahan, ang sakuna ay maiiwasan. ***"20 Siyang nagiingat sa salita ay makakasumpong ng mabuti: at ang nananalig sa PANGINOON ay mapalad." (Kawikaan 16:20 KJV)***

Ang kapangyarihan ng simbahan ay dapat magkaroon ng mabuti at malinaw na epekto sa buhay ng mga pamilya sa simbahan. Ngunit sa ilang panahon kahit ang bayan ng Dios na may malaking suliranin, ginagawa nila ang kanilang sariling kalooban na hanapin ang mga solusyon at hindi sumasangguni sa simbahan o humingi ng payo mula sa maka-Dios na mga pinuno. Ang kaugaliang ito'y nagdadala ng mas maraming kaguluhan sa kanilang mga sarili at sa kanilang pamilya. Gayunpaman ang simbahan at pamunuan ng simbahan ay walang magiging pananagutan sa kasalanan ng mga tao hanggat ang pinuno ng simbahan ay ibinibigay ang kanilang sarili na magamit at abot-kaya para ituro at pagsilbihan ang bawat bahagi ng katawan ni Cristo, ang mga pamilya sa simbahan. Kaya't pareho ang simbahan at ang bawat pamilya ay magiging mabunga at epektibo kung ang dalawang praktikal na layunin ay inilapat:

***1.*** Dapat ang bawat magulang sa pamilya ay magpapakumbaba at tanggapin ang alok ng simbahan na turuan at ihanda sila kung paano pamahalaan ang kanilang pamumuhay, at kung paano palakihin ang kanilang mga anak na may takot at sa paraan ng Panginoon.

***2.*** Dapat maging handa ang Simbahan na magbantay sa mga pamilya at magbigay ng payo sa mga magulang ng bawat pamilya, at turuan sila kung paano palakihin ang kanilang mga anak. Hindi dapat abala ang simbahan sa mga aktibidad at pagtatanghal at mabigo na tugunan ang pangunahing at espiritwal na pangangailangan ng bawat pamilya sa simbahan.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Mahalaga ang tungkulin ng awtoridad at pamunuan ng simbahan sa buhay ng mga pamilya upang sumunod sa Salita ng Dios at magkaroon ng pagkakaisa sa katawan ni Cristo. ***"11 At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at mga guro; 12 Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo:" (Epeso 4:11-12 KJV)*** Ibinigay ng Dios sa Kanyang Simbahan ang mga kaloob ng Banal na Espiritu at ginawa Niya ang mga pinuno ng simbahan upang maging karapat-dapat na ibigay

at ihanda ang bayan ng Dios para sa mga gawain at paglilingkod. Ang bawat pamilya na kabilang sa nangangalangang simbahan ay dapat tumanggap ng Biblikal na mga payo, mga pagsasanay, at direksyon sa paggawa ng tamang desisyon para sa pamilya lalo na sa panahon ng krisis. Ang mga magulang na bahagi ng isang simbahan ay bayan ng Dios at maharlikang mga saserdote na kailangan sanayin at maihanda ng simbahan upang mangalaga at alagaan ang makadios na pag-aasawa, at sanayin at palakihin ang kanilang mga anak sa pagtakot at sa paglilingkod sa Panginoon.

Lumapit ka ngayon sa Dios at maging handa na isabuhay ang mensaheng natanggap mo ngayon sa iyong buhay. Maging handa ring buksan ang buhay ng iyong pamilya sa mga lider ng simbahan para matulungan ka nilang gumawa ng tamang desisyon na kailangan mong gawin para makalabas ka sa iyong pagsubok at maiwasan ang maling hakbang at ang gawa ng Satanas sa iyong buhay at sa buhay ng iyong pamilya.

Manalangin tayo… .

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios, Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon, salamat sa iyong Salita at sa iyong mga aral na natanggap ko sa mensaheng ito. Panginoon, salamat sa mga kaloob ng Espiritu Santo at sa limang opisina na ipinagkaloob mo sa iyong simbahan at sa kaayusan na ginawa mo upang alagaan ang mga miyembro at mga pamilya ng iglesia. Panginoon, salamat sa pagpapalagay sa akin at sa aking pamilya sa iyong bahay, ang Simbahan ng Dios UAE, para sa pangangalaga at mga payo na natatanggap ko mula sa iyo sa pamamagitan ng iyong simbahan. Panginoon, salamat sa lahat ng mga pagtutuwid at panghihikayat na natanggap ko sa mensaheng ito.*

*Lumapit ka na ngayon sa Dios at magsisi ang iyong mga kasalanan. Magsisi at talikuran ang iyong hindi pagnanais na buksan ang iyong buhay at buhay ng iyong pamilya sa mga pinuno ng simbahan at humingi ng payo mula sa kanila. Magsisi sa kakulangan mo sa pagbasa ng Bibliya at buhay ng panalangin. Magsisi at talikuran ang iyong kamunduhan, ang iyong pagibig sa mundo, ang iyong pakikisama sa mga hindi mananampalataya at mga kaibigan, at pagsasayang sa oras sa Media, Balita at laro. Magsisi at itkawil ang pagkaantala sa pagsunod, at paggawa ng sarili mong kagustuhan at plano. Magsisi at itakwil ang iyong kakulangan sa pananampalataya at ang mabilis na panghihina ng loob. Magsisi at itakwil ang iyong mga kompromiso sa pagpapahintulot ng mga hindi banal na kasal. Mgsisi at itakwil ang iyong hindi kahandaang magtiyaga at magdusa sa panahon ng pagsubok. Magsisi at itakwil ang iyong hindi kahandaang maglingkod sa Dios at gawin ang mabubuting gawa na inihanda Niya nang maaga para sa iyo na gawin. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan* ____________________________

*Panginoon, inilalaan ko ang aking sarili sa iyong mga kamay upang bumalik sa iyo at sa mabuting plano na inihanda mo para sa akin at sa aking pamilya. Panginoon, handa akong buksan ang aking buhay at ang buhay ng aking pamilya sa mga pinuno ng simbahan at humingi ng payo mula sa kanila. Panginoon, inilalaan ko ang aking sarili na pagdaanan ang mga pagsubok at pagdurusa na pinahihintulutan mo sa aking buhay at magtiis sa mga ito. Panginoon, inilalaan ko ang aking sarili na paglingkuran ka at gawin ang mabubuting gawa na pinaghanda mo nang maaga para sa akin. Panginoon, pangalagaan mo kami at bigyan ng lakas ang aking pamilya at ako upang patuloy naming mapaglingkuran ka.*

*Panginoon, salamat sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at bumalik sa iyo, handang isapamuhay ang iyong kalooban at plano para sa kanila at gawin ang mga gawa na inihanda mo para sa kanila. Panginoon, tulungan mo kami bilang simbahan na gabayan sila at ibigay sa kanila ang tamang payo at gabay. Panginoon, bigyan mo sila ng karunungan at maglaan sa kanila ng mapagkukunan upang mapanatili sila sa buhay, sa pagsunod sa iyong kalooban, at sa pagpapalaki ng kanilang mga anak na may pagkatakot sa iyo.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan at gabayan mo kami upang ipagpatuloy ang pagtuturo sa mga magulang at pamilya kung paano alagaan ang kanilang mga anak at palakihin sila sa pagkatakot sa iyo. Panginoon, gabayan mo kami sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at bigyan mo kami ng karunungan kung paano magpayo sa aming mga miyembro at ibigay sa kanila ang tamang mga payo, at gabayan sila sa panahon ng krisis. Panginoon, iniaalay namin ang aming mga sarili upang ipagpatuloy ang pagtuturo at pagpapatupad ng mga prinsipyo ng paghahanda para sa Maka-Dios na pag-aasawa. Panginoon, hiling namin na puspusin mo muli kami ng Banal na Espiritu at ibigay ang mga espirituwal na kaloob na kailangan namin upang makapagpatuloy sa pag-eevangelio, gumawa ng mga bagong disipulo at sanayin ang mga bagong manggagawa upang yumaon at magtanim ng mga bagong pag-aaral sa Bibliya at kapisanan para simbahan. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan. 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, dalhin mo ang mensahe at ipalaganap ito upang maabot ang lahat ng kapulungan ng simbahan, mga manggagawa, kasapi at ang mga naliligaw na kaluluwa. Panginoon, ihanda mo*

*kami para sa iyong pagdating upang makasama ka kapag dumating ka. Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 7. Ang Epekto ng Simbahan sa Pamilya. Epeso 4:11-15. Hukom 21:25. Ruth 1:1-6, 20-22. Ruth 4:22. Kawikaan 16:20.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com